

**Kung May Karapatan Kayong
Makapagtrabaho Huwag Ninyong
Bayaang Hadlangan Kayo Ninuman**

**U.S Department of Justice
Civil Rights Division
Office of Special Counsel
for Immigration-Related
Unfair Employment Practices**



Naghahanap ng trabaho sina Manuel at Cristina

Ako po si Cristina. Nakapagtrabaho na po ako bilang fruit packer at tagapaglinis sa mga opisina. Handa na ho akong magtrabaho. Sabihin nyo lang kung kailan ninyo ako gusto nang magsimula.




Naku! Eh hindi ka masyadong magaling mag-ingles eh! Hindi ka dito sa bansang ito ipinanganak, ano?

Hindi nga ho pero matagal na po akong nakatira dito.

Titingnan ko muna yung application mo. Tatawagan ka na lang namin.



Ako po si Manuel Perez. Electrician po ako. Heto po yung driver's license ko at yung Social Security card ko.



Pero bakit po? Hindi po ba valid naman itong permisong ito?

Hindi ko basta matatanggap ito dahil hindi lang ito ang kailangan. Kailangan pa ring may makita kaming papeles na galing sa (DHS) sa Departamento ng Homeland Security.

Pasensiya na. Ayaw naming magkaproblema sa DHS.



Pinunthan nina Manuel at Cristina si Julia Ramos

...tapos ba naman, hindi ako tinanggap dahil sa punto ko at kasi daw hindi ako ipinanganak dito!

At ayaw rin akong tanggapin dahil daw wala akong green card!



Employment discrimination ang tawag sa ginawa nila. Dapat ireklamo ninyo ito.

Magreklamo?

Saan ?

Gawin rin ninyo yung ginawa ko noong diniskriminate nila ako. Tumawag kayo agad sa Opisina ng Special Counsel. OSC ang tawag. Tutulongan kayo agad at walang bayad, libre



Teka, titingnan ko kung ano yung telephone number nila.

..at sa palagay po namin diniskriminate nila kami. Sana po, matulongan naman ninyo kami.



Pagkatapos ng mga ilang araw....

Kumusta yung inireklamo ninyo tungkol sa pagkakatiskimineysyon sa inyo?

Nanalo siya. Nakumbinse nuong mga abogado yung mga may-ari ng kumpanya na tanggapin kami.

Sabihin ninyo sa amin ang lahat ng nangyayari. Iimbistigahan naming kaagad ang tungkol dito.

Ganon nga at susuwelduhan rin kami para doon sa mga oras na hindi naman namin ipinagtrabaho pero yung para sa araw na dapat sana'y naqsimula na kami.



Ang inaalala lang namin, eh baka kami pahirapan ng pinagtatrabahuhan namin. Mabuti na lang at wala namang nangyaring ganon. Kasi nakahanda kaming ipagtanggol nuong mga abogado ng Taga Department of Justice.

Kung may karapatan kayong makapagtrabaho, huwag ninyong hayaang hadlangan kayo ninuman.

Kayo ring lahat! Pangalagan ninyo ang inyong karapatang makapagtrabaho. Kung sa palagay ninyo'y diniskriminate kayong makapagtrabaho, tumawag kayo agad sa numerong ito: 1-800-255-7688. TDD para sa mga may problemang makarinig: 1-800-237-2515 Sa Washington D.C. naman, tawagan ang (202) 616-5594 TDD (202) 616-5525



Ay naku! Natutuwa ako't hindi ninyo pinayagang may mangyari sa inyong hindi mabuti.



o sumulat sa Opisina ng Special Counsel. (OSC) NYA 950, Pennsylvania Ave., NW Washington, DC 20530.